Ang Kadakilaan ni Cristo

Liksyon 8, Unang Semestre, Pebrero 14–20, 2026

Hapon ng Sabbath, Pebrero 14

Talatang Sauluhin:

“Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang; Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya; At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya.” — Colosas 1:15-17

O, napakadakilang mga pribilehiyo ang nauukol sa mga nananampalataya at tumutupad sa mga salita ni Cristo! Ang pagkakilala kay Cristo bilang Tagapagbata ng kasalanan at handog na pantubos para sa ating mga kasamaan ang nagbibigay sa atin ng kakayahang mamuhay nang may kabanalan. Ang kaalamang ito ang nagiging pananggalang ng kaligayahan ng sangkatauhan. Alam ni Satanas na kung wala ang kaalamang ito, tayo ay malilito at mawawalan ng lakas. Mawawala ang ating pananampalataya sa Diyos, at tayo'y magiging madaling biktima ng bawat panlilinlang ng kaaway. Gumawa siya ng mga tusong plano upang wasakin ang tao. Layunin niyang maglagay ng mala-impyernong anino—parang lambong ng kamatayan—sa pagitan ng Diyos at ng tao, upang maitago si Jesus sa ating paningin, makalimutan natin ang Kanyang ministeryo ng pag-ibig at awa, mawalan tayo ng pagkakilala sa dakilang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos para sa atin, at mahadlangan ang bawat sinag ng liwanag mula sa langit. (1SM 264.1)

"Si Cristo lamang ang makapaglalarawan nang lubusan sa pagka-Diyos. Siya na nasa piling ng Ama mula pa sa pasimula, Siya na mismong larawan ng di-nakikitang Diyos ang tanging sapat upang ganapin ang gawaing ito. Walang paglalarawang salita ang makapaghahayag sa Diyos sa sanlibutan. Sa pamamagitan ng isang buhay na malinis, isang buhay ng ganap na pagtitiwala at pagpapasakop sa kalooban ng Diyos, at isang buhay ng pagpapakumbaba—na kahit ang pinakamataas na serapin sa langit ay maaaring mag-atubiling tanggapin—kinailangang maihayag ang Diyos sa sangkatauhan. Upang magawa ito, binihisan ng ating Tagapagligtas ang Kanyang pagka-Diyos ng pagkatawang-tao. Ginamit Niya ang mga kakayahang pantao, sapagkat sa ganitong paraan lamang Siya mauunawaan ng tao. Tanging ang pagkakatawang-tao Niya ang makaaabot sa tao. Ipinamuhay Niya ang likas ng Diyos sa katawang inihanda ng Diyos para sa Kanya. Pinagpala Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng pamumuhay sa laman ng tao ng buhay na mula sa Diyos, at sa gayon ay ipinakita na may kapangyarihan Siyang pag-isahin ang pagkatao at pagka-Diyos." (1SM 264.2)

Linggo Pebrero 15

Larawan ng Diyos na Hindi Nakikita

Basahin ang Genesis 1:26 , 27 ; Genesis 5:3 ; 1 Corinto 15:49 ; 2 Corinto 3:18 ; at Hebreo 10:1 . Buurin ang iba't ibang mga kahulugan ng "larawan" sa mga talatang ito. Paano sila naiiba mula sa paglalarawan kay Jesus bilang ang larawan ng Diyos?

“Sa pagkakatawang-tao ni Cristo, Siya ay naparito upang maging kaisa ng sangkatauhan, at kasabay nito ay ihayag ang ating Ama sa langit sa makasalanang sanlibutan. Siya na nasa piling ng Ama mula pa sa pasimula, Siya na mismong larawan ng di-nakikitang Diyos, ang tanging may kakayahang magpahayag ng likas ng pagka-Diyos sa sangkatauhan. Sa lahat ng bagay ay ginawa Siyang katulad ng Kanyang mga kapatid. Siya ay nagkatawang-tao tulad natin. Siya ay nagutom, nauhaw, at napagod. Siya ay napalakas ng pagkain at napahinga sa pamamagitan ng pagtulog. Naranasan Niya ang kalagayan ng tao; gayunman, Siya ang walang kapintasang Anak ng Diyos. Siya ay naging dayuhan at manlalakbay sa lupa—nasa sanlibutan, ngunit hindi kabilang sa sanlibutan; tinukso at sinubok tulad ng pagtukso at pagsubok sa mga lalaki at babae ngayon, subalit namuhay nang walang kasalanan. Maamo, mahabagin, may malasakit, at laging mapagbigay-pansin sa iba, ipinakita Niya ang likas ng Diyos at patuloy na naglingkod para sa Diyos at sa tao.” (MH 422.2)

Basahin ang Mateo 11:27 at Juan 1:1 , 2 , 14 , 18. Bakit katangi-tanging naihahayag ni Jesus ang Ama?

Sinabi ng Tagapagligtas: “Ito ang buhay na walang hanggan—ang makilala Ka nila na iisang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na Iyong sinugo.” At ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng propeta: “Huwag magmapuri ang pantas sa kaniyang karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa kaniyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kaniyang kayamanan; Kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kaniyang nauunawa, at kaniyang nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran; sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng Panginoon.” (5T 737.1)

“Walang sinuman ang makaaabot sa ganitong pagkakilala sa Diyos kung walang tulong na mula sa Diyos. Sinabi ng apostol na ‘hindi nakilala ng sanlibutan ang Diyos sa pamamagitan ng karunungan.’ Si Cristo ‘ay nasa sanlibutan, at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, ngunit Siya’y hindi nakilala ng sanlibutan.’ Ipinahayag ni Jesus sa Kanyang mga alagad: ‘ sinoma'y hindi nakakakilala sa Anak kundi ang Ama; at sinoma'y hindi nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak.’ Sa huling panalangin Niya para sa Kanyang mga tagasunod, bago Siya pumasok sa anino ng Getsemani, itinaas ng Tagapagligtas ang Kanyang mga mata sa langit, at dahil sa habag sa kamangmangan ng mga taong nahulog sa kasalanan ay sinabi Niya: ‘Oh Amang banal, hindi ka nakikilala ng sanglibutan, nguni't nakikilala kita.’ ‘Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan.’” (5T 737.2)

Lunes, Pebrero 16

Panganay sa Lahat ng Mga Nilalang

Basahin ang Colosas 1:15–17 . Anong mga dahilan ang ibinigay ni Pablo kung bakit tinawag si Jesus na “ang panganay sa lahat ng nilalang” (NKJV)?

“At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan.’ Colosas 1:18. (FH 342.1)

‘Inibig ni Cristo ang iglesya at ibinigay ang Kanyang sarili para dito, upang ito’y Kanyang pakabanalin at linisin sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng salita, upang maiharap Niya ito sa Kanyang sarili bilang isang maluwalhating iglesya, na walang dungis o kulubot o anumang katulad nito, kundi maging banal at walang kapintasan.’ (FH 342.2)

‘Nang ibigay ng Diyos ang Kanyang Anak sa sanlibutan, ginawa Niyang posible para sa mga lalaki at babae na maging ganap sa paggamit ng bawat kakayahan ng kanilang pagkatao para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kay Cristo ay ibinigay Niya sa kanila ang kayamanan ng Kanyang biyaya at ang kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban....’ (FH 342.3)

‘Ang iglesya ay nakikipaglaban pa rin sa isang sanlibutang tila nababalot ng kadiliman ng hatinggabi at lalo pang sumasama. Habang ang malinaw na “Ganito ang sabi ng Panginoon” ay hindi pinapansin ng makasanlibutang bahagi ng iglesya, ang mga tinig ng tapat na mga lingkod ng Diyos ay dapat palakasin upang maipahayag ang seryosong mensahe ng babala. Ang mga gawa na dapat makita sa iglesyang nakikipaglaban at sa iglesyang tumanggap ng liwanag ng katotohanan para sa panahong ito ay hindi nagtutugma. Tinatawag ng Panginoon ang mga kaanib ng iglesya na damtan ang kanilang sarili ng magagandang kasuotan ng katuwiran ni Cristo....’ (FH 342.4)

‘Kailangan ng Diyos ang mga lalaki at babae na maglilingkod kay Cristo upang maiparating ang kaalaman ng katotohanan sa mga nangangailangan ng kapangyarihan nitong magbago ng buhay. Ang mensahe ng katuwiran ni Cristo ay dapat ipahayag mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabila. Ang Kanyang bayan ay dapat gisingin upang ihanda ang daan ng Panginoon. Ang mensahe ng ikatlong anghel—ang huling mensahe ng awa sa isang sanlibutang napapahamak—ay napakabanal at napakaluwalhati. Hayaang ang katotohanan ay sumulong tulad ng isang lamparang nagniningas. Ang mga hiwagang ninais masdan ng mga anghel, at hinangad maunawaan ng mga propeta, mga hari, at ng mga matuwid, ay dapat ipaalam ng iglesya ng Diyos.’ (FH 342.5)

‘Ang kahanga-hangang sakripisyo ni Cristo para sa sanlibutan ay nagpapatotoo na ang mga tao ay maaaring mailigtas mula sa kasamaan. Kung sila’y hihiwalay kay Satanas at ikukumpisal ang kanilang mga kasalanan, may pag-asa para sa kanila. Ang mga tao—makasalanan, bulag, at kaawa-awa—ay maaaring magsisi at magbalik-loob, at araw-araw ay makabuo ng isang karakter na tulad ng kay Cristo. Ang mga tao ay maaaring maibalik, mabagong muli, at matutong mamuhay sa harap ng sanlibutan gaya ng naging pamumuhay ni Cristo.—The Review and Herald, Abril 22, 1909.' (FH 342.6)"

Martes Pebrero 17

Ulo ng Katawan (ang Iglesya)

"Ang ulo ng bawat lalaki ay si Cristo.' Ang Diyos, na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng mga paa ng Tagapagligtas, 'ay ibinigay Siya upang maging ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay para sa iglesya, na siyang Kanyang katawan, ang kapuspusan Niya na pumupuno sa lahat sa lahat.' 1 Corinto 11:3; Efeso 1:22, 23. Ang iglesya ay itinayo kay Cristo bilang pundasyon nito; ito ay dapat sumunod kay Cristo bilang ulo nito. Hindi ito dapat umasa sa tao, ni makontrol ng tao. Marami ang nag-aangkin na ang pagkakaroon ng posisyon ng pagtitiwala sa iglesya ay nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang magdikta kung ano ang dapat paniwalaan at gawin ng iba. Ang ganitong pag-aangkin ay hindi sinasang-ayunan ng Diyos. Ipinahayag ng Tagapagligtas, 'Kayong lahat ay magkakapatid.' Lahat ay nalalantad sa tukso at maaaring magkamali. Hindi tayo dapat dumepende sa tao lamang. Ang Bato ng pananampalataya ay ang buhay na presensya ni Cristo sa iglesya. Dito maaaring umasa kahit ang pinakamahina, at yaong nag-aakalang sila ang pinakamalakas ay mapapatunayang pinakamahina kung hindi nila gagawing lakas si Cristo. 'Sumpain ang tao na tumitiwala sa tao, at ginagawang laman ang kaniyang bisig.' Ang Panginoon 'ang Bato, ang Kanyang gawa ay sakdal.' 'Mapapalad ang lahat ng nagtitiwala sa Kanya.' Jeremias 17:5; Deuteronomio 32:4; Awit 2:12." (DA 414.3)

"Isang babala laban sa maling aral ang matatagpuan sa sulat ni Pablo sa mga taga-Colosas... (GW 305.3)

'...Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng kaniyang pilosopia at walang kabuluhang pagdaraya, ayon sa sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo: Sapagka't sa kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman, At sa kaniya kayo'y napuspus na siyang pangulo ng lahat na pamunuan at kapangyarihan:' (Colosas 2:2–10.) (GW 305.4)

"Iniuutos sa akin na sabihin sa ating bayan: Sundin natin si Cristo. Huwag kalimutan na Siya ang dapat maging ating huwaran sa lahat ng bagay. Maaari nating ligtas na isantabi ang mga kaisipang hindi matatagpuan sa Kanyang mga turo. Nakikiusap ako sa ating mga mangangaral na tiyaking ang kanilang mga paa ay nakatayo sa saligan ng walang hanggang katotohanan. Mag-ingat kung paano ninyo sinusunod ang bugso ng damdamin at tinatawag itong Banal na Espiritu. Ang ilan ay nanganganib na gawin ito. Hinihikayat tayo ng Salita ng Diyos na maging matatag sa pananampalataya at handang magbigay sa sinumang magtanong ng dahilan ng pag-asang nasa atin." (GW 306.1)

Anong dakilang aral ang itinuturo ng Kasulatang ito! Dapat magkaroon ng masiglang paggamit ng iba't ibang kaloob sa iisang katawan, na si Jesu-Cristo ang ulo. Huwag hayaang magkaroon ng espiritu ng pagiging kontento sa sarili ang sinumang kaanib ng katawan ni Cristo. Huwag hayaang sabihin ng isa sa iba, "Hindi kita kailangan." Sa mga kaanib ng katawan, hindi dapat magkaroon ng pag-aagawan, paghatol, o paghahambing ng isang kaloob sa iba. Maraming kaloob ang kinakailangan, ngunit ang lahat ay mga bahagi sa iisang katawan. (16LtMs, Ms 128, 1901, par. 9)

Miyerkules Pebrero 18

Ang "Pasimula" (at Nagpasimula)

Basahin ang Colosas 1:18 . Ano ang kaugnayan sa pagitan ng ideya tungkol kay Cristo bilang ulo at Siya bilang ang "pasimula"?

Ang mga salitang ito ay nagbubukas ng isang kahanga-hangang pagkakataon para sa bawat kaanib ng iglesya. Mga kapatid, narito ang gawaing itinakda para sa inyo. Si Cristo ang inyong ulo. Kapag ang Kanyang Espiritu ang kumokontrol sa inyong mga kilos, magtataglay tayo ng habag, lambing, at pag-ibig, gayundin ng pagtitiyaga, kabutihan, at mahabang pagpapasensya—mga katangiang maghahayag sa iba na si Cristo ay nananahan sa inyo. (17LtMs, Ms 18, 1902, par. 15)

“Matutupad ba natin ang inaasahan ni Cristo para sa atin? Inihanda Niya ang langit na puno ng pagpapala para sa lahat ng makikipagtulungan sa Kanya. Mga kapatid, ano ang maipapakita natin?” (17LtMs, Ms 18, 1902, par. 16)

“Matapos Niya tayong likhain, inibig tayo ni Cristo nang labis kaya ibinigay Niya ang Kanyang sariling buhay upang pasanin ang ating mga kasalanan. Paano nga natin maiiwasang ibigin Siya bilang tugon? Sa buong buhay Niya ng pagpapagal at pagdurusa, tiniis Niya ang parusang banal na ayon sa katarungan ay tayo ang dapat magdusa. Matapos magbayad ng napakalaking halaga para sa ating katubusan, hindi ba Niya ibibigay sa atin ang tulong, biyaya, at kapangyarihang kailangan para magtagumpay?” (16LtMs, Ms 102, 1901, par. 26)

“Siya na nagbigay sa atin kay Cristo ay inilaan din para sa atin ang lahat ng yaman ng langit. Sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya, dapat nating hawakan ang kamay ng walang hanggang kapangyarihan na kayang mag-ingat sa atin upang hindi tayo mabuwal. May karapatan tayong angkinin ang pagpapala ng Diyos. May karapatan tayong hilingin sa Kanya ang mga bagay na ating kailangan. Napaparangalan Siya kapag ipinagkakatiwala natin sa Kanya ang pag-iingat ng ating mga kaluluwa, tulad ng pagtitiwala sa isang tapat na Manlilikha. Pribilehiyo nating maging malaya kay Cristo, sapagkat ibinigay Niya ang Kanyang buhay upang tayo ay mapalaya.” (16LtMs, Ms 102, 1901, par. 27)

“Nais kong ipakita sa inyo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng Banal na Espiritu ng Diyos upang tulungan kayo sa bawat pangangailangan. Pinili kong mapailalim sa bandilang may bahid ng dugo ng Prinsipe Emmanuel. Pinili kong sundin ang mga utos ng Diyos upang ako’y mabuhay, at ingatan ang Kanyang kautusan tulad ng pinakaiingatan ang aking mga mata. Pinili kong sundin ang lahat ng hinihingi ng Diyos. Kung ibinigay ni Cristo ang Kanyang buhay para sa akin, bakit hindi ko ibibigay ang aking buhay para sa Kanya? Mas mahalaga ba ang aking buhay kaysa sa Kanya? Oh, may hangganan lamang ang aking buhay, ngunit ipinapangako Niya na Siya ay kikilos para sa kaligtasan ng buhay na iyon!” (16LtMs, Ms 102, 1901, par. 28)

Huwebes Pebrero 19

Upang Pagkasunduin ang Lahat ng Mga Bagay

Basahin ang Colosas 1:19 , 20. Ano ang pagkakasundong ito na nangyayari sa pamamagitan ng krus, at gaano ito kalawak?

“Tinuturuan tayo ng Diyos tungkol sa dakilang plano ng katubusan. Dapat itong maging dahilan ng taimtim na pasasalamat sa atin. Hindi kailanman mabibigo ang mga pangako ng Diyos kung patuloy tayong magbabantay sa pamamagitan ng panalangin. Matapos matutunan ang dakilang daan, tayo ay dapat maging banal—kabilang ang katawan, kaluluwa, at espiritu. Dapat tayong malinis at mapabanal sa pamamagitan ng paghuhugas ng Salita. Pribilehiyo ng bawat isa na maging matatag at lumago sa pananampalataya. Walang sinuman na isinasabuhay ang pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at naglilinis ng kaluluwa ang mailalayo sa pag-asa ng Ebanghelyo.” (ST Setyembre 4, 1901, par. 7)

“Ang pagpapahalaga sa kabutihan sa puso ay isang gawaing napapabayaan ng maraming tao. Ang mga may pusong pinabanal at nilinis ay hindi susunod sa masasamang gawain. Ngunit ang masasamang pagnanasa ay pumupuno sa pusong pinapatakbo ng makasariling layunin. Ang makasariling pagnanasa ay humahantong sa pang-aapi, at kapag paulit-ulit ang mga gawaing pang-aapi, nasisira ang isip at hindi na makagawa ng wastong pasya.” (ST Setyembre 4, 1901, par. 8)

“Hindi kailanman masusumpungan si Cristo sa hindi patas na pakikitungo sa tao. ‘Kayo, na minsang naging malayo at kaaway sa inyong isip dahil sa masasamang gawa, ngayon ay Kanyang pinagsundo sa katawan ng Kanyang laman sa pamamagitan ng kamatayan, upang maiharap kayo na banal, walang kapintasan, at hindi mapupuna sa Kanyang harapan.’ Tumatawag ang Diyos ng mga matatalinong Kristiyano, ng mga lalaki at babae na puspos ng kaalaman sa Kanyang kalooban. Tumatawag Siya ng mga tao na sa pamamagitan ng mabubuting gawa ay ipinapakita na ang katotohanan ay nagdala ng pagbabago sa kanilang buhay.” (ST Setyembre 4, 1901, par. 9)

“Dapat araw-araw na lumago ang kaalaman ng mga lingkod ng Diyos tungkol sa Kanya, at ang kaalamang ito ay dapat magbigay ng espiritwalidad sa kanilang pang-unawa. Natutuwa ang Panginoon kapag ang mga kaakibat Niya ay puspos ng kaalaman sa Kanyang kalooban. Araw-araw silang dapat lumago sa biyaya at sa espiritwal na pang-unawa, pinalalakas ng kapangyarihan ayon sa Kanyang maluwalhating kapangyarihan. Dapat silang lumago sa espiritwal na kahusayan upang mabigyan ng lakas ang mga taong kanilang pinaglilingkuran.” (ST Setyembre 4, 1901, par. 10)

Biyernes Pebrero 20

Karagdagang Kaisipan

“Simula nang Siya ay umakyat sa langit, ipinagpatuloy ni Cristo ang Kanyang gawain sa lupa sa pamamagitan ng mga piling kinatawan, na sa pamamagitan nila ay Siya ay nagsasalita sa mga anak ng tao at naglilingkod sa kanilang mga pangangailangan. Ang dakilang Ulo ng iglesya ay nangangasiwa sa Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga taong itinalaga ng Diyos upang kumilos bilang Kanyang mga kinatawan. ” LHU 288.2

“Ang posisyon ng mga tinawag ng Diyos upang gumawa sa salita at doktrina para sa ikatitibay ng Kanyang iglesya ay isang mabigat na responsibilidad. Sa halip ni Cristo, dapat nilang himukin ang mga kalalakihan at kababaihan na makipagkasundo sa Diyos, at matutupad lamang nila ang kanilang misyon kapag natanggap nila ang karunungan at kapangyarihan mula sa itaas.” LHU 288.3

“Ang mga ministro ni Cristo ang mga espirituwal na tagapagbantay ng mga taong ipinagkatiwala sa kanilang pangangalaga. Ang kanilang gawain ay inihalintulad sa gawain ng mga bantay. Noong sinaunang panahon, ang mga bantay ay kadalasang nakatalaga sa mga pader ng mga lungsod, kung saan, mula sa mga lugar na mataas ang paningin, maaari nilang matanaw ang mahahalagang poste na dapat bantayan, at magbigay ng babala tungkol sa paglapit ng isang kaaway. Sa kanilang katapatan nakasalalay ang kaligtasan ng lahat ng nasa loob. Sa mga itinakdang pagitan, kinakailangan nilang tawagan ang isa't isa, upang matiyak na ang lahat ay gising at walang anumang pinsalang nangyari. Ang sigaw ng kagalakan o babala ay naririnig mula sa isa't isa, bawat isa ay inuulit ang panawagan hanggang sa umalingawngaw ito sa buong lungsod...” LHU 288.4

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org